

Blaan sa Pilipinong Sosyolohiya: Ang Nawáh sa mga Danas sa Facebook Bilang Pook ng Talastasan, Ugnayan, at Alaala

Blaan in Filipino Sociology: Nawáh on the Experiences in Facebook as Medium of Communication, Connection, and Memory

Jun Yang Badie
Notre Dame of Marbel University
uswag_kalinangan1190@yahoo.com

Sentro ng pag-aaral na ito ang Blaan, isang etno-lingguwistikong pangkat na matatagpuan sa Katimugang Mindanao, sa ibang panig ng bansa, at sa buong daigdig na lumikha ng bagong lipunan sa social media tulad ng sa *Facebook*. May tatlong FB Group na umiiral sa kasalukuyan: Dad Blaan Level Up, Blaan Professionals, at Blaan Internationals. Ang *Facebook* ay nagiging pook ng talastasan, ugnayan, at imbakan ng alaala. Ito ay lunsaran ng pakikipagtalastasan, pakikipag-ugnayan, at pag-alala ng mga personal at panlipunang danas ng mga Blaan. Sinuri sa papel na ito kung paano nakatulong ang *nawáh* (kabutihan, kalooban, alaala) sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa mga kuwento o danas ng mga Blaan. Ito ay maaaring ambag sa kulturang Blaan at lipunang Pilipino.

Mga Susing Salita: Blaan, Danas, *Facebook*, Nawáh, Pilipinong Sosyolohiya

This study focuses on Blaan, an ethnolinguistic group that can be found in Southern Mindanao, in other regions of the Philippines, and in some parts of the world, who utilizes Facebook to sustain their communities. Three Facebook groups are active - Dad Blaan Level Up, Blaan Professionals, and Blaan Internationals. These groups serve as medium of communication, connection, and memory - where communicating, connecting, and recalling the personal and social experiences of Blaan happens. This paper analyzes how nawáh (goodness, will, memory) has helped the Blaan in communicating with and connecting to their stories and experiences. This paper will be a contribution to Blaan culture and Filipino society.

Keywords: Blaan, Experiences, Facebook, Nawáh, Filipino Sociology

PANIMULA

Isang multikultural at multilingguwal na bansa ang Pilipinas. Isa sa mga etno-lingguwistikong pangkat na may materyal at di-materyal na kultura at may sariling wika ay ang Blaan. Ayon kay Kinoc ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, ang mga Blaan ay nakakalat sa malawak na lupain ng Buluan Lake patungong timog ng Sarangani Bay. Naninirahan din sila sa kanlurang bahagi ng Tboli partikular sa Roxas Mountain. Mayroon din sa apat na bayan ng Davao del Sur partikular sa Magsaysay, Matanao, Kiblawan, at Sulop; sa Sarangani kung saan pinakadominante sila na umabot sa halos 90 bahagdan ng kabuoang populasyon maliban sa bayan ng Kiamba; sa Lungsod ng Heneral Santos; sa Lalawigan ng South Cotabato maliban sa mga bayan ng Lake Sebu, Surallah, at Norala; sa mga bayan ng Columbio at Lutayan ng Lalawigan ng Sultan Kudarat; sa mga bayan ng Tulunan, Makilala, at M'lang sa North Cotabato at bahagi ng bayan ng Datu Paglas ng Maguindanao, at sa Allah Valley at Koronadal Valley kung saan isinasagawa ang tradisyonal na pangangaso bago ang pagdating ng mga migranteng Kristiyano noong 1930.

Ayon naman kay Arcenas, may dalawang klasipikasyon ang pangkat-etniko. Ito ay ang To Lagad o *highlanders* at To Baba o *lowlanders*. Wikang Blaan ang kanila ring wika. May sariling estrukturang politikal kung saan ang katutubong pamayanan ay pinamumunuan ng mga fulung o *tribal chieftain*. May mayamang materyal at di-materyal na kultura tulad ng katutubong sayaw o tinatawag nilang maral, katutubong kasuotan tulad ng lbung at daféng para sa kababaihan at tabih at utub para sa kalalakihan, mayroon ding awit o malēm, kuwento o flalók, musikal na instrumento tulad ng faglung o lute, gong o falimák, at kagamitang pandigma at pangangaso tulad ng espada o fais, sibat o agas, at busog at pana o bohol na fana. Maraming ritwal ang pangkat at sila ay naniniwala sa maylikha ng lahat na si Dwata.

KONSEPTUWAL NA BALANGKAS

Sentro ng isang lipunan ang bawat tao. Siya ang bumubuo ng lipunan. Siya rin ang kultura. Ang bawat indibidwal ang nagdadala at nagbabahagi ng kaniyang kultura. Maaaring kulturang kaniyang kinamulatan simula nang isinilang siya at bunga ng turo ng kaniyang

mga kasama o kapamilya o maaaring natutuhan niya mula sa mga kapuwa na nakakasalamuha at nakakaugnayan niya araw-araw sa iba't ibang gawain sa alinmang komunidad man siya nabibilang. Sentro ang Blaan, isang etno-lingguwistikong pangkat na matatagpuan sa Katimugang Mindanao, sa ibang panig ng bansa at sa buong daigdig. Bumubuo rin sila ng isang lipunan sa social media tulad ng sa *Facebook*. May tatlong FB Group na umiiral sa kasalukuyan: Dad Blaan Level Up, Blaan Professionals, at Blaan Internationals. Ang *Facebook* ay nagiging pook ng talastasan, ugnayan, at alaala. Ito ay lunsaran ng pakikipag-ugnayan, pakikipagtalastasan, at pag-alala ng mga personal at panlipunang danas ng mga Blaan.

Sa kabilang banda, mahalagang tingnan at suriin ang nawáh (kabutihan, kalooban, alaala) ng Blaan kung paano ito nakatulong sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa mga danas sa social media. Ito ay magiging ambag ng kultura at lipunang Blaan sa tatak-Pilipinong Sosyolohiya.

Ang mismong konseptuwal na balangkas ay nagmumukhang falimák, agung o gong. Ang fa-limák sa kulturang Blaan ay mahalagang kalyak o kagamitang pangmusika para sa anomang kastifun o pagtitipon upang magsagawa ng kastulën o pag-uusap, o sadyang magsagawa ng pagdiriwang.

Napakahalaga nito sa katutubong sayaw o ang tinatawag na maral ng mga Blaan. Ang tunog nito ay malakas na tila tumatawag ng pansin o atensiyon sa bawat kasapi ng komunidad. Ganoon din ang layon ng sanaysay na ito. Nilalayan nitong bigyang-pansin ang bawat Blaan sa pamamagitan ng pagtuklas at pag-unawa sa mga kuwento at danas nila na nailathala sa social media partikular na sa *Facebook*.

Sa pag-aaral ni Erasga, *Sociology by Filipinos: A Case for Nationalist Sociology in the Philippines*, sinabi niyang ang ating kasaysayan, kultura, at karanasan ang magiging padron ng paghuhulma ng Sosyolohiyang inaasam. Ang Sosyolohiyang ito ay namomook sa lipunang Pilipino na magiging isang pagpapatibay sa paglinang ng ating kultura at pag-unawa ng mga reyalidad. Dagdag niya, ang Sosyolohiya ay isang karanasan. Ito ay ang Sosyolohiyang kailangan.

Ang Blaan ay isa lamang sa humigit-kumulang sa 180 etno-lingguwistikong pangkat sa Pilipinas. Ang mga Blaan at iba pang katutubong pamayanan ay may maiaambag sa pag-aaral ng lipunang Pilipino.

Sa pag-aaral ni Demeterio, *Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng*




Figura 1. Konseptuwal na Balangkas

Bansang Pilipino, sinabi niyang hindi hadlang ang multikulturalismo sa pagbubuo ng bansang Pilipinas o pang-estadong pagkakaisa. Aniya, ang multikulturalismo ay isang kamalayan o ideolohiya. Sinisikap ng kamalayan at ideolohiyang ito na mananatili ang kultural na pagkakaiba-iba at mabigyan ng pagkakapantay-pantay ang lahat ng etnikong grupo na nasasakop ng estado.

Sa parehong pag-aaral, tinalakay niya ang rehiyonalismo. Ito raw ay kaugaliang nag-aambang sumira sa ating pagsasabansa. May dalawang aspekto ito: ang rehiyonal na etnosentrismo at ang rehiyonal na diskriminasyon. Ang rehiyonal na etnosentrismo o ang kami-kaming ugnayan ay ang kaugaliang nagdidikta sa mga kasapi ng isang pangkat-etnikong rehiyon na pangalagaan muna nila ang kapakanan ng kanilang mga karehiyon gamit ang katuwirang mas magaling, mas mabuti, at mas mapagkatiwalaan kasi ang kanilang mga karehiyon. Ang rehiyonal na diskriminasyon o ang kami-kayong ugnayan naman ay ang kaugaliang nagdidikta sa mga kasapi ng isang pangkat-etnikong rehiyon na isipin na ang mga tagaibang rehiyon ay may iba't ibang antas ng kagalingan, kabutihan, at pagkamapagkatiwalaan.

Metodo

Ang kastifún ay mahalagang gawain sa kultura at lipunang Blaan. Ito ay isinasagawa sa isang tiyak

na lugar at panahon. Kadalasang nangyayari ito sa pagpapatawag ng fulúng o lider ng tribo. Ang salitang fulúng ay nangangahulugang marunong o mahusay. Ginagawa rin ang kastifún sa pag-aayos ng mga suliranin sa komunidad o dili kaya ay pag-usapan ang mahahalagang isyu o usapin.

Samantala, sa sanaysay na ito, ang kastifún ay tumutukoy sa pagtitipon ng mga ibinahaging kuwento o danas ng mga Blaan sa social media partikular na sa *Facebook* (3 FB Group).

Magkakaroon ng malinaw na kastulën sa mga isyu o dili kaya ay tungkol sa mga kuwento o danas na maaaring personal o kolektibo at kung paano ito nakaaapekto sa nawáh o maaaring kung paano nakaaapekto ang nawáh sa mga danas na ibinabahagi sa social media. Ang kulturang Blaan ay may tinatawag na flalók o ang pagkukuwento ng mga kasaysayan, alamat, o maging ng pang-araw-araw na pangyayari at pamumuhay.

Sa papel na ito, ang kastulën ay ibinatay sa mga post, komento, at panayam sa ilang kasapi ng FB Group.

Mahalaga sa lipunang Blaan ang kaksasatu nawáh. Kaya naman, dapat malinaw rin ang mga paksa o isyung pag-uusapan tungo sa malinaw na pagdadalumat.

Sa papel na ito, ang pagbubuklod ng mga ideya ay batay sa inilahad na mga kuwento o danas sa FB Group ang isinaalang-alang.




Figura 2. Metodo ng Pag-aaral

Social Media Bilang bagong Lipunan ng mga Blaán

Sa artikulong isinulat ni Camus ng *Philippine Daily Inquirer* noong 15 Pebrero 2018, ang Pilipinas ang nangungunang bansa sa buong daigdig na gumagamit ng social media. Sinasabing may humigit 67 milyong account sa *Facebook*. May 10 milyong Pilipino rin ang may Instagram na pagmamay-ari pa rin ng *Facebook*. Sa tala ng 40 bansa, ang ating bansa ang higit na gumagamit ng social media. Batay sa tala noong 2018, nasa siyam na oras at 29 minuto ang *average* na oras na ginugugol ng Pilipino sa internet.

Samantala, hindi rin nahuhuli sa paggamit ng social media ang mga Blaán. Katunayan, mayroon silang iba't ibang FB group. Halimbawa nito ay ang sumusunod: Blaán Professionals, Dad Blaán Level Up, at Blaán Internationals na puro *private group*.

Ang Blaán Professionals batay sa deskripsiyon nito ay network ng mga propesyonal na Blaán mula sa South Central Mindanao. Ito ay binubuo ng mahigit 1,200 propesyonal. Ito ay nalikha noong ika-23 ng Hulyo, 2015. Ang magkapatid na Annalie Eday at Joy Edday-Dela Cruz ang administrador ng grupong ito. Si Annalie Eday ay naninirahan sa Lungsod Heneral Santos. Siya rin ang tagapagtatag ng KafyeBlaán Empowerment, Inc. noong 2014 na isang *advocacy page* ng Blaán.

Sa kabilang banda, ang Dad Blaán Level Up naman ay halo-halo na binubuo ng 33, 606 na indibidwal. Nalikha ang grupo noong ika-4 ng Abril, 2011 sa pangunguna ni Jossie Castro mula sa Bayan ng Polomolok, Lalawigan ng South Cotabato na ngayon ay nakabase na sa Singapore. Mababasa sa deskripsiyon na isa itong internasyonal at interkultural na grupo na may halo-halong miyembro ayon sa edad at estado. Labindalawa naman ang administrador nito. Ang Blaán Internationals na nalikha noong ika-31 ng Oktubre, 2014 naman ay may kabuoang mahigit 1700 miyembro. Nilikha ito ni Arjho Cariño-Turner at dumagdag ng pito pang administrador para sa mga Blaán na nagtatrabaho sa ibang bansa bilang Overseas Filipino Workers (OFW), mga Blaán na misyonero sa labas ng bansa, mga Blaán na nakapag-asawa ng mga banyaga, at mga Blaán na may lahing banyaga. Batay sa deskripsiyon nito, paraan ito upang magkakaugnay-ugnay sa isa't isa sa global na konteksto at upang makilala ang pinag-ugatan o kulturang Blaán.

Shared a Memory: *Facebook* Bilang Pook ng Talaastasan, Ugnayan at Alaala

Isang lunduyan ng mga Blaán ang social media. Ang *Facebook* ay naging lunsaran ng pakikipagtalastasan, pakikipag-ugnayan, at pag-alala ng mga personal at panlipunang danas ng mga Blaán. Nangyayari sa mga FB group na ito ang pagbabahagi ng kuwento o danas, pagpo-post, pagre-react, pagkokomento, at maging ng pagbabahagi nito. Nangyayari din ang pag-aalala sa mga nagdaang pangyayari na maaaring i-post muli o ang tinatawag na share a memory.

Si Dr. Zeus Salazar sa kaniyang pantayong pananaw, ay naniniwala na nasa loob ang pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay ng mga katangian, halagahin, kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal, at karanasan ng isang kabuoang pangkalinangan — kabuoang nababalot sa, at ipinapahayag sa pamamagitan ng isang wika; ibig sabihin, sa loob ng nagsasariling talastasan/diskursong pangkalinangan o pangkabihasnan. Isang reyalidad ito sa loob ng alinmang etno-lingguwistikong may kabuoan at kakanyahan, sa atin at sa ibang dako man ng mundo.

Samakatuwid, kailangan ang interaksyon o pagkakaugnay-ugnay ng mga indibidwal sa lahat ng bahagi o aspekto tulad ng sosyal, politikal, ekonomik, at maging ng relihiyon na maituturing namang varyabol ng sistemang sosyo-kultural. Ayon kay Brown, maraming batayang kultural na varyabol na matatagpuan sa lahat ng lipunan.

Bilaan, B'laan o Blaán?

Sa *cover photo* ng Dad Blaán Level Up, mababasa ang ganito, "We are Blaán. Spell it right. Say it right. It is Blaán Alright!" Ito ay nagsasabing baybayin nang tama ang pangalan ng etno-lingguwistikong pangkat sapagkat ang maling baybay ay nagdudulot ng maling bigkas. Hindi Bilaan sapagkat walang idinagdag na letra, at hindi rin B'laan sapagkat walang nawawalang letra. Binibigkas itong may dalawang pantig, kaya nararapat na baybaying Blaán. Anila, ginagamit ang Bilaan ng mga hindi katribo upang ipakita na imperyor ang Blaán. Ginagamit ng ilan bilang ekspresyon kapag nadapa, nagulat, o upang ilarawan ang kapuwa na hindi nakadamit nang maayos, nakapaa, at hindi kaaya-aya ang hitsura.

Ayon kay Joy Edday-Dela Cruz,

Ako'y isang Blaan,
Hindi B'laan, Bilaan or Bla'an.
Kung kami'y ginagalang at pinapahalagaan,
gamitin ang tamang baybay (Blaan) at bigkas
(Bla-an).
#NotoDiscrimination
#usetheCorrectSpelling

Ito ay tinugunan ng isang kasapi. Wika ni Kernie Fanagel, dating community development officer sa Papua New Guinea,

Some people really need to be educated about society; that ignorance, being poor and being less privileged is not at all for the Blaan people alone. Things have changed and will continue to change. To add and to clarify, I can consider and forgive those who are still calling BILAAN if it is out of sheer ignorance and if not being informed of this label's negative connotation. To intentionally discriminate us is worth a condemnation. For them to know, we are BLAAN and not BILAAN. The latter is a label ascribed to us by bullies when they thought of themselves as being superior. We grew up enduring the insults. And I realized, actually, they were ashamed and they hated so much seeing themselves being poor, dirty, ignorant and so forth that they would label other tribe/race of this to hide and save their own skin...

Kaya naman, naging adbokasiya ang Lingag Blaan: Concert for a Cause upang ipakilala kung sino-sino ang mga Blaan, na nagsisimula mismo sa pagkilala sa pangalan, na may tamang baybay at bigkas. Layunin ng konsiyerto na isulong ang kaalaman at kamalayan laban sa diskriminasyon sa mga Blaan. Nagsisilbing pangmadlang apela rin ito sa Indigenous Peoples Mandatory Representatives, Tribal Council, sa pakikipagtulungan ng Lokal na Pamahalaan upang gumawa ng resolusyon na ipapasa sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas at/o mga kaugnay na ahensiya ng pamahalaan na baguhin sa mga pambansang rekord/tala at sa iba pang dokumento ang baybay na Bilaan, B'laan, Bilanes patungong Blaan.

"We are Blaan Not Bilaan." Tampok sa konsiyertong ito ang mga bandang tatak-Blaan: Fadlug ng Bayan ng Malapatan, Lalawigan ng Sarangani, Fais ng Bayan ng

Polomolok, Lalawigan ng South Cotabato, Gusasatu mula sa Lungsod Heneral Santos, at Silek ng Bayan ng Tampakan, Lalawigan ng South Cotabato. Ang lahat ng pangalan ng banda ay hango sa salitang Blaan.

Pinag-usapan din sa grupo ang mga Blaan AdvoShirt (Advocacy Shirt) na may print na: I am proud Blaan; I am Certified Blaan; #PROUDBLAAN; Proud to have Blaan Friends; Blaan NOT B'laan, Bilaan, Bla'an; at Blaan is my tribe. Beauty defines my culture. Ito ay gawa ng isang Blaan propesyonal na si Crisson Duran Gangoso na isa ring admin ng Dad Blaan Level Up.

Ayon kay Kinoc, may ipinangalan ang ibang etno-lingguwistikong pangkat sa mga Blaan. Halimbawa nito, tinawag ang grupo ng Biraan ng mga Tagabawa Bagobo at Bilan naman ang tawag ng mga Maguindanaon. Aniya, walang tiyak na kahulugan ang salita taliwas sa sinasabing ito ay nagmula sa dalawang salita na Bla na nangangahulugang bahay at ang an na nangangahulugang tao, ibig sabihin, tao sa bahay.

Samantala, ayon kay Arcenas, ang Blaan ay nangangahulugang kapilas (counterpart) ng Tboli na isa ring etno-lingguwistikong pangkat sa Katimugang Mindanao. Tanging ang dalawang pangkat-etniko ang unang nanirahan sa rehiyon. Ang nauna ay nanirahan sa silangang bahagi ng Sarangani Bay at ang nahuli ay sa kanlurang bahagi naman. Dagdag niya, ang salitang Tboli ay nagmula sa mga salitang Blaan na To Bali na ang ibig sabihin ay sa kabilang banda/bahagi (on the other side of the bay). Nangangahulugang kapares ng Blaan ang Tboli.

Sa kabilang banda, ikinatuwa naman ng mga Blaan ang ilang pangyayari na nagpakilala pa ng kanilang pangkat at kultura. Halimbawa nito ang Flalok Project, Bantayog ng Wikang Blaan, at ang paggawad sa dalawang kasapi ng pangkat bilang Manlilikha ng Bayan o National Living Treasures.

Flalok Project sa Pag-alala at Pagpapayaman ng Kulturang Blaan

Ang flalók ay mga kuwento ng mga Blaan. Ipinagpasalamat ng lipunang Blaan ang pagkakaroon ng Flalok Project sa tulong ng pondo ng Philippine-American Fund at USAID at sa implementasyon ng Conrado at Ladislawa Alcantara Foundation (CLAFI). Nilalayon nitong paunlarin ang literasiya ng mga mag-aaral na Blaan lalo na sa elementarya. May 76 na *partner school* na sa Lungsod Heneral Santos, Lalawigan ng Sarangani at Lalawigan ng South Cotabato, 5472 Flalok Big Book, 5023 kagamitang

pampagkatuto, 240 Teachers' Guide, at 500 Alphabet and Number Chart.

Ayon pa sa Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR) ng Lalawigan ng Sarangani na si Fulung Fredo P. Basino, *"Without Flalok, Blaan will get lost in the jungle of modernity."*

Nagpapasalamat siya sapagkat naidokumento na ang mga flalok na maaari nang ibahagi ng isang henerasyon sa susunod pang henerasyon para sa kaalaman at kamalayang Blaan. Wika niya pa, malaking tulong ito para sa higit na paggalang at pagpapahalaga sa kultura at lipunang Blaan.

Ayon naman sa mga guro na nagtuturo sa komunidad ng mga Blaan, naging mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat nakakaugnay sila sa mga kuwento na nasa wikang alam at ginagamit nila sa bahay.

Ayon kay Turner, ang Flalok ay inisyatiba ng KafyeBlaan Empowerment, Inc., *"It was conceptualized by Annalie Edday and I helped in conceptualizing stage making sure that Blaan cultural identifiers will be used. The CLAFI was asked as the implementer because KafyeBlaan Empowerment Inc. as an organization at that time did not have the financial track record to back up the proposal."*

Pasinaya ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Bantayog ng Wikang Blaan

Ito ang ika-13 Bantayog ng Wikang Filipino na pinasinayaan sa Lungsod Heneral Santos noong ika-27 ng Pebrero, 2019. Ang paglunsad ay isinagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pakikipagtulungan ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod Heneral Santos, Tanggapan ng Kalimudan Culture and Arts, at ng Mindanao State University-Gensan.

Ayon pa sa alkalde ng lungsod na si Ronnel C. Rivera, *"The monument will be a symbol of our patronage for culture and an inspiration to promote and empower our Blaan brothers and sisters."* Naniniwala naman si Fulung Lucio Cawayan, IPMR ng lungsod, na paalala ito sa lahat ng kasapi ng etno-lingguwistikong pangkat lalo na ang kabataan na may natatanging wika at kaakuhan ang Blaan (Philippine News Agency).

Ang wikang Blaan ay napakahalaga sa lungsod. Katunayan, ang General Santos City ay kilala rin sa tawag na Dadiangas, na isang wikang Blaan na nangangahulugang Ziziphus spina-christi o isang uri

ng punongkahoy na dati ay sagana sa lugar at ngayon ay protektado ng Batas Republika 8371 o Indigenous Peoples Right Act of 2007. Marami rin sa ngalan ng mga lugar ay mula sa bokabularyo ng Blaan. Ang mga Blaan ang orihinal na nanirahan sa lungsod (General Santos City History).

Ang lungsod ay may Ordinansa 14 serye 2016 o ang An Ordinance Institutionalizing the Celebration of July 22 of Every Year as Indigenous Peoples' Blaan Day in the City of General Santos. Ngayong taon, ipagdiriwang ng lungsod ang ikaanim na Blaan Day. Nagsimula ito noong 2015 matapos ang makasaysayang pagtalaga kay Fulung Mario Empal bilang kauna-unahang Indigenous Peoples Mandatory Representative (Philippine News Agency).

Sa kabilang banda, ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, ang Bantayog-Wika ay pagdadambana sa isang di-materyal na pamanang pangkultura (intangible cultural heritage) ng bansa dahil sa mahalaga nitong papel sa pagbuo at pagpapatibay ng pambansang identidad. Hindi lamang ito sumasalamin sa yaman ng mga wika kundi kakikitahan din ng mga kaalamang pangkultura ng pamayanang kinapapalooban nila. Sa ganitong paraan, lalalim ang tangkilik at pagpapahalaga ng mga Filipino sa yamang nakapaloob sa kanilang mga katutubong wika. Mula ang salitang *bantayog* sa pinagsamang "bantay" at "matayog" na nangangahulugang "mataas na estrukturang itinayo para sa isang makabuluhang tao o pangyayari." Nilalayon ng Bantayog-Wika na makalikha ng mga monumento para sa lahat ng mga katutubong wika ng Pilipinas. Ang Bantayog-Wika na may tulang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ng bayaning si Andres Bonifacio ay nakasulat sa Baybayin at nakasalin din sa wikang Blaan.

Ang pagtatatag ng mga Bantayog-Wika ang magiging kauna-unahang proyekto sa buong daigdig hinggil sa pagtatampok ng bawat katutubong wika. May pagkakatulad ang proyektong ito sa Afrikaans Language Monument na itinatag noong 1975 bilang pagdadambana sa Afrikaans bilang pambansang wika ng South Africa. Tatagal ng tatlong taon ang pagtatatag ng 130 Bantayog-Wika. Sa inisyal nitong implementasyon noong 2017, malaking bahagi ng proyekto ang ilalaan sa timpalak at koordinasyon sa Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamamahala (DILG) at mga lokal na yunit ng pamahalaan para sa pagtatatag at pagpapasinaya ng hindi bababa sa 10 Bantayog-Wika (Komisyon sa Wikang Filipino).

Paghahabi sa Kultura at Lipunang Blaan nina Fu Yabing Masalon Dulo at Fu Estelita Bantilan

Dalawang kasapi ng lipunang Blaan ang ginawaran bilang Manlilikha ng Bayan o National Living Treasures. Sina Fu Yabing Masalon Dulo, *ikat weaver*, na tubong Bayan ng Polomolok, Lalawigan ng South Cotabato at si Fu Estelita Bantilan, *mat weaver*, na mula naman sa Bayan ng Malapatan, Lalawigan ng Sarangani ay tumanggap ng pagkilala at iginawad mismo ng Pangulo ng Pilipinas sa Palasyo ng Malacañang.

Ayon kay Turner, mahalaga at malaking papel ang ginampanan ng Indigenous Peoples Development Program (IPDP)-School of Living Tradition sa Lalawigan ng Sarangani sa dokumentasyon ng pagsasalin ng mga kasanayan ng dalawang sagisag kulturang Blaan. Dagdag niya, ang IPDP ay naipatupad sa termino ng dating Gobernador Migs Dominguez mula 2004 hanggang 2013.

Ang ilang kasapi sa tatlong FB Group ay mga kamag-anak ng mga Manlilikha ng Bayan. Ngunit hindi lamang sila ang nagbunyi sa paggawad na ito. Lubos itong ikinagalak at ipinagpasalamat ng lipunang Blaan.

Ang Gawad sa Manlilikha ng Bayan (GAMABA) o ang National Living Treasures Award ay alinsunod sa Batas Republika Bilang 7355. Binibigyang-pagkilala ang kahalagahan ng mga manlilikha sa tradisyonal na sining biswal, pagganap, at pampanitikan bilang tanging daluyan ng kadalubhasaan sa pagitan ng nakalipas at susunod pang salinlahi. Itinatag at pinagtibay sa ilalim ng Batas Republika Bilang 7355 o kilala sa tawag na Batas Manlilikha ng Bayan. Layunin din nitong muling pasiglahin ang masining na malikhaing tradisyon ng isang komunidad at sa pagsasagawa nito, mapangalagaan ang isang mahalagang bahagi ng kulturang Filipino, magkaloob ng mga pamamaraang tumutukoy sa mga karapat-dapat na tradisyonal na alagad ng sining at gabayan ang pagpapamana ng kanilang kahusayan sa komunidad at lumikha ng mga pagkakataong magpapatanyag sa kanilang mga obra sa loob at labas ng bansa.

Ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining ang nangangasiwa at nagpapatupad ng GAMABA, sa tulong ng Tanggapan ng Pangulo, Senado ng Pilipinas, Kapulungan ng mga Kinatawan, Kagawaran ng Kalakalan at

Industriya, Kagawaran ng Edukasyon, Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, Pambansang Museo, at iba pang kaugnay na ahensiya ng pamahalaan (Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining).

Nawáh Bilang Dalumat sa Karanasang Blaan

Ang pagdalumat sa nawáh bilang bahagi ng karanasang Blaan ay mahalaga. Nabanggit sa pag-aaral ni Erasga sa kaniyang "*Pakiramdaman*": *Isang Tatak-Filipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya*, na ang dalumat ay nakatuon sa pakinabang na dulot ng sama-sama at lalim ng pagkakaunawa ng konseptong tinatalastas; naglalaman ng karanasan at relasyon ng mga karanasan; malalim at kongkreto; may layuning magbuo ng ugnayan ng mga karanasang tinatalakay at inuungkat; at isinasangkot ng nagdadalumat ang kaniyang karanasan sa pag-unawa at pagbuo ng karunungan.

Sa kasalukuyan, ito ay tumutukoy sa isang malalim na pag-iisip (*deep thought*) at muling pagbubuo ng isang alaala (*to reconstruct one's own memory*). Ibig sabihin, ang pagdadalumat ay ang pagdudugtong-dugtong ng mga marubdob na karanasan gamit ang alaala upang humabi ng hinahanap na kahulugan ng buhay (Erasga).

Makikita sa kasunod na talahanayan ang gamit ng nawáh sa iba't ibang konteksto. Ipinapakita nito ang esensiya ng nawáh sa bawat isang Blaan na kasapi ng lipunan.

Katangian ng wika ang pagiging arbitrario at ang pagiging kabuhol nito sa kultura. Ang salitang nawáh ay may napagkasunduang kahulugan. Ang nawáh ay may kahulugang literal o matalinghaga. Ang nawáh ay nagagamit sa iba't ibang konteksto o sitwasyon. Ang nawáh ay maaaring mangahulugang "ginhawa," "kabutihan," "kalooban," "alaala," "awa" o "pag-ibig."

Kapansin-pansin na ang nawáh ay tila naging batayan sa pagkilos, sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Ang nawáh ay higit pa sa bokabularyo o salitang Blaan. Ito ay *core* ng bawat Blaan.

Talahanayan 1. Gamit ng Nawáh sa Iba't ibang Konteksto

BLAAN	FILIPINO
Bong nawáh	Mapagmahal/Maawain
Fanggal nawáh	Tatagan ang loob
Fyë nawáh	Mabuti
Kaksasatu nawáh	Pagkakaisa
Kalnawáh	Saloobin
Kam di nawáh	Isaisip/Alalahanin
Ndë nawáh	Patay
Mnë di nawáh	Nasa alaala
Tahá nawáh	Mahabang buhay
Tasë nawáh	Masama

Ang nawáh (kabutihan, kalooban, alaala) ay danas ng bawat Blaán sa *Facebook*. Sa bawat FB post at pagbahagi ng kuwento o danas ng Blaán sa pangkalahatan ay nagpapaalala sa pinag-ugatan o kulturang mayroon sila.

Dahil sa magandang nawáh ng mga Blaán, pinagpapala rin ito bilang isang pangkat-etniko tulad ng mga tinalakay sa itaas (Flalok Project, Bantayog-Wika, Gawad sa Manlilikha ng Bayan).

Sa kabilang banda, ang salitang nawáh ay ilang beses ding ginamit sa I Falami Kasafnë (New Testament). Ito ay Bibliya na nasa wikang Blaán. Batay sa International Bible Society, 16 na ulit ginamit ang salitang ito. Mababasa sa Lukas, Roma, Efeso, Timoti, Titus, Peter, Matthew, Hebrew, Jude, Colossas, at James. Ipinapakita rito ang paggamit ng nawáh sa iba't ibang sitwasyon o konteksto.

Nawáh sa Identidad ng Blaán: Isang Emikong Danas

Ako ay isang purong Blaán mula sa Bayan ng Polomolok, Lalawigan ng South Cotabato. Sa aking paglalakbay sa mundong ito, ilang beses na rin akong tinanong kung ano at sino nga ba ang Blaán.

Naalala ko noong Pebrero 2019 nang lumahok ako sa isang pambansang kumperensiya, tinanong muli ako kung ano at sino ang Blaán. Hindi na ako nanibago pa sapagkat simula nang nag-aral ako sa Maynila, lagi-lagi akong tinatanong hinggil dito. Handa naman akong sumagot at ibahagi sa kanila ang aming kultura at lipunang Blaán. Ngunit, hindi ko rin maikakaila na

malaking tulong sa akin ang pagkakaroon ng FB group upang higit na makilala ang aking pinag-ugatan, ang kalinangan, at lipunang pinanggagalingan.

Tulad ng ilang katutubo na nakaranas ng diskriminasyon at marhinalisasyon, ganoon din ako. Naalala ko rin noong ako ay nag-aral sa elementarya at sekondarya, laging nakaririnig ng pang-aapi sa aming tribo. Ginagamit na ekspresyon ang pangalan ng aming pangkat-etniko kapag nadapa, nagulat at iba pa at ginagamit din sa paglalarawan sa kapuwa kapag hindi maayos ang pananamit, hindi kaaya-aya ang hitsura, marumi, nakapaa, walang pinag-aralan, at imperyor.

Sa FB Group, kapansin-pansin na hindi ko lang ito danas. Naging kolektibong danas ito. Ang pagkakaroon ng FB Group ay magandang lunsaran ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtalasan ng mga Blaán na nagmumula sa iba't ibang komunidad.

Inspirasyon ko ang ilang kasapi ng grupo. Tulad halimbawa ni Arjho Cariño-Turner. Siya ay aktibong administrador ng dalawang grupo. Siya may dugong Blaán at Ilocano na nakapag-asawa ng banyaga na bagaman naninirahan sa Atlanta, USA ay patuloy na nagsusulong sa kultura at lipunang Blaán.

Bata pa ako, lagi ko nang naririnig mula sa aking mga magulang at sa mga matatanda ang salitang nawáh. Wika nga nila, sa anomang danas sa mundo, dapat ay tatagan ang loob (fanggal ëm nawáhm) at maging mabuti pa rin (fyë nawáh) sa kapuwa. Huwag isaisip ang mga hindi magagandang pangyayari (Nang ëm ka di nawáh). Sa mundong ito, mahalaga raw ang kaksasatu nawáh (pagkakaisa) para umunlad at lalong

pagpalain ni Dwata (Panginoon). Gumawa ng mabuti upang magkaroon ng mahabang buhay (tahá nawáh).

Ang mga paalala o aral na ito ay lagi kong inaalala. Bahagi na ito ng aking buhay at kaluluwa. Katunayan, hindi ko lang winiwika ito sa sarili ko. Ito ay winiwika at ibinabahagi ko na rin sa mga nakababata o nakatatanda sa akin.

Ang nawáh ay identidad ko at ng kultura at lipunang Blaan. Ito ay mananatili sa aking isip, puso, at gawa bilang isang indibidwal at bilang kasapi ng isang etno-lingguwistikong pangkat.

KONGKLUSYON

Ang Blaan bilang isang etno-lingguwistikong pangkat na matatagpuan sa Katimugang Mindanao, sa ibang panig ng bansa, at sa buong daigdig ay bahagi ng lipunang Pilipino. Ang pagbuong muli nila ng isang lipunan sa social media tulad ng tatlong Facebook Group na umiiral sa kasalukuyan: Dad Blaan Level Up, Blaan Professionals, at Blaan Internationals ay pag-alala ng mga personal at panlipunang danas ng mga Blaan. Ito rin ay nagsisilbing pook at lunsaran ng talastasan, ugnayan, at alaala. Ang *Facebook* ay imbakan ng mga alaala. Ang nawáh (kabutihan, kalooban, alaala) ng Blaan ay mahalaga kung paano nakikipagtalastasan at nakikipag-ugnayan sa mga danas sa social media. Ang nawáh ay identidad ng kultura at lipunang Blaan. Ito ay mananatili sa isip, puso, at gawa bilang indibidwal na kasapi ng isang etno-lingguwistikong pangkat.

SANGGUNIAN

- Arcena, Maria Lourdes L. *"The Vanishing Nomads."* Philippine Exchange Assistance Center Foundation. Manila, Philippines. 1993. Nakalimbag.
- "Bantayog-Wika for Blaans unveiled in GenSan." *Philippine News Agency*. <https://www.pna.gov.ph/articles/1063162>. 28 Pebrero 2019. Web.
- Blaan Internationals*. <https://web.facebook.com/groups/BlaanInternationals/>. Web. 16 Hunyo 2020.
- Blaan Professionals*. <https://web.facebook.com/groups/126320541040049/>. Web. 16 Hunyo 2020.
- Dad Blaan Level Up*. <https://web.facebook.com/groups/Blaanlevelup/>. Web. 16 Hunyo 2020.
- Demeterio, Feorillo Petronilo III A. "Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino." *Lumina* (2009). Vol. 20, No. 2, ISSN 2094-1188. Holy Name University. Web.

- Cabrido, Anna Liza. "GenSan all set for 5th Blaan Day celebration." *Philippine News Agency*. <https://www.pna.gov.ph/articles/1075478>. 19 Hulyo 2019. Web.
- Camus, Miguel R. "PH is world leader in social media usage." *Philippine Daily Inquirer*. business.inquirer.net/246015/ph-world-leader-social-media-usage/ 15 Pebrero 2018. Web.
- Erasga, Dennis S. "Pakiramdaman": Isang Tatak Filipino ng Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya (A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology). *Humanities Diliman*. January-June, 2015. 12:1, 78-105. Nakalimbag.
- Erasa, Dennis S. "Sociology by Filipinos": A Case for Nationalist Sociology in the Philippines." *Philippine Sociological Review*. (2017). Volume 65, pp.5-37. Nakalimbag.
- "General Santos City History." *City Economic Management and Cooperative Development Office*. <https://www.gensancemcdo.org/about-us/general-santos-city-brief-history/>. Web. 17 Hunyo 2020.
- Kinoc, Antonio P. "The Blaans." *National Commission for Culture and the Arts*. Mula sa <http://ncca.gov.ph/subcommissions/subcommission-on-cultural-communities-and-traditional-arts-secta/central-cultural-communities/the-blaans/>. Web. 15 Abril 2019.
- Kinoc, Datu Antonio P. *"Blaan."* National Commission for Culture and the Arts. 2002. Nakalimbag.
- I Falmi Kasafnè (New Testament)*. International Bible Society. Colorado Springs. 1995. Nakalimbag.
- Navarro, Atoy M. at Lagbao-Bolante, F. *"Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino."* C&E Publishing Inc. Quezon City: Philippines. 2007. Nakalimbag.
- "National Living Treasures." *National Commission for the Culture and Arts*. <https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/gamaba/>. Web. 15 Abril 2019.
- "National Living Treasures Guidelines." *National Commission for Culture and the Arts*. <http://www.ncca.gov.ph/about-ncca/org-awards/org-awards-gamaba-guidelines.php>. Web. 15 Abril 2019.
- Scupin, Raymond. *"Cultural Anthropology: A Global Perspective."* Eighth Edition. Pearson. United States of America. 2012. Nakalimbag.

Personal na Panayam ng Mananaliksik

- Ante, Noli P. Blaan at Cultural Advocate. Personal na Panayam. 9 Abril 2020.
- Kinjiyo, Yolly Y. Blaan at Cultural Advocate. Personal na Panayam. 9 Abril 2020.
- Turner, Arjho C. FB Group Admin. Personal na Panayam. 8 Abril 2020.